RELEASED
BY: 16 DEC 2016
NAME/SIGNATURE
DepED

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

---

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg 469, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay Na Seminar-Workshap Para Sa Mga Maging Tagapayo Ng Pampaaralang Pamahayagan-Filipino (Elementarya at Sekundarya)**

Petsa: Disyembre 15, 2016

---

1. Alinsunod sa Republic Act No. 7079 na bantog ding Campus Journalism Act of 1991, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng "Pansangay Na Seminar-Workshap Para Sa Mga Maging Tagapayo Ng Pampaaralang Pahayagan" nang magkasabay sa tatlong pangkongresyunal na distrito ngayong darating na Abril 17-19, 2017 sa mga sumusunod na paaralan:

CD 1- Polanco National High School – Arnulfo G. Subebe -09169692867
CD 2- Manukan National High School –Daisy Flor Romaguera -09985493670
CD 3- Bacungan Central School – Rizaldo Castillon -09105416049

2. Ang seminar-workshap ay naglalayong:
a. napalaganap ang pagpapatupad ng Republic Act No. 7079 sa buong Sangay;
b. nahahasa ang kakayahan ng mga guro sa Filipino sa larangan ng journalism;
c. makabuo ng *core group/coordinator* ng *journalism* sa distrito; at
d. naragdagan ang mga paaralang makilahok sa DSPC.

3. Ang mga kalahok sa nasabing gawain ay apat (4) na guro sa Filipino mula sa bawat distrito (mas mainam kung nagtuturo ng Baitang 4-6) at dalawang guro sa Filipino ng Mataas na paaralan para sa CD 1 at CD 2, subalit sa CD 3 dahil mas marami ang bilang ng distrito at mga Mataas na paaralan, tig-isang kalahok lamang para sa bawat Mataas na paaralan at manatiling 4 na lahok pa rin mula sa mga distrito ng CD 3. Bilang pagsusuma sa maging bilang ng kalahok ay gawing gabay ang kasunod na datos.

| Kongresyunal Na Distrito | Blg. ng Paaralan x kalahok | Kongresyunal Na Distrito | Blg. ng Distrito x kalahok | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|
| **SEKUNDARYA** | | **ELEMENTARYA** | | |
| CD 1 | 22 x 2 =44 | CD 1 | 9 x 4 = 36 | 80 |
| CD 2 | 34 x 2 = 68 | CD 2 | 12x 4 = 48 | 116 |
| CD 3 | 52 X 1 =52 | CD 3 | 16x 4 = 64 | 116 |
| | | | | |
| | | **KABUUANG BILANG NG MGA KALAHOK** | | **312** |

4. Ang Pansangay na *core group* ng journalism (mga kalahok at tagapanayam sa *journalism enhancement seminar*- May 30-31, 2016 @ Top Plaza Hotel ) ay ang koponang mamahala sa workshap na ito na pamumunuan ng *team leader* para sa tatlong pangkongresyunal na distrito: CD 1 – Nelia S. Lim, CD 2 – Era T. Partosa at sa CD 3 – Rosanna Boniao.

5. Ang mga kalahok ay inaatasang magdala ng bagong *usb* para sa soft copy na ipamimigay ng mga tagapanayam. Mas mainam kung makapagdala ng laptop ang mga kalahok. Bawat kalahok ay inaasahang may sariling awtput pagkatapos ng tatlong araw na palihan.

6. Pagkalooban ng tatlong araw na *service credit* ang mga kalahok, koponan ng mga tagapanayam, komite at mga guro ng *host school* na mag-aalay ng paglilingkod para sa ikatatagumpay ng naturang workshap.

7. Para sa mga katanungan at karagdagang impormasyon lalo na sa mga kalahok na hindi uuwi dahil mula sa malayo ay magdala ng sariling kagamitang pantulog at makipag-ugnayan lamang sa mga punungguro ng *host school*.

8. Ang pamasahe mula at pabalik sa pinanggalingan ng mga kalahok ay kukunin mula sa pondo local/MOOE ng paaralan samantalang ang *materials and supplies*, pananghalian at dalawang meryenda sa loob ng tatlong araw para sa mga Tagapanayam at komite at iba pang gastusin ng seminar-workshap ay manggaling mula sa pondo ng Sangay na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

9. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.